# MGA SALIK NA NAKAAAPEKTO SA AKADEMIKONG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO

Isang Pananaliksik na iniharap sa

College of Education

Misamis University

Ozamiz City

Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan

ng mga kinakailangan sa Titulong

**Bachelor of Secondary Education**

**Major in Filipino**

nina

HAZEL B. DELA CRUZ

MICHELLE T. TANECA

Hunyo 2024

**DAHON NG PAGPAPATIBAY**

Ang tesis na ito ay pinamagatang, **"MGA SALIK NA NAKAAAPEKTO SA AKADEMIKONG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO"** ay inihanda at ipinasa nina Hazel B. Dela Cruz at Michelle T. Tañeca bilang bahagi ng katuparan ng mga pangangailangan sa titulong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino, na ngayon ay itinagubilin para sa kaukulang pagsusulit na pasalita.

**LEIZEL JOY C. DABALOS, MAEd**
Tagapayo

Pinagtibay ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita na may grading _________.

**GENELYN R. BALUYOS, EdD**
Chairman

**LEIZEL JOY C. DABALOS, MAEd**
Kasapi

**JOENARD S. TUASTOMBAN, MAEd**
Kasapi

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng katuparan ng pangangailangan sa titulong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino.

**GENELYN R. BALUYOS, EdD**
Dean, College of Education

## PAGKILALA

Ang mga mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa Poong Maykapal na walang sawang gumabay, nagkaloob ng biyaya at lakas ng loob sa mananaliksik na maisagawa ang pag-aaral na ito.

Kay Dr. Genelyn R. Baluyos, ang Dekano ng College of Education, para sa kanyang mga rekomendasyon at gabay upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito.

Kay Gng. Leizel Joy C. Dabalos, ang tagapayo, sa kanyang suporta, gabay, mungkahi, at probisyon na naging matagumpay sa tesis na ito. Malaking tulong ang pagbabahagi sa kanyang kaalaman sa pagsusuri ng datos.

Kay G. Joenard S. Tuastomban, sa kanyang matapat na pagtulong, pagbibigay ng mahahalagang komento, pagbibigay sigla at tibay ng loob sa mananaliksik upang gawin ang pag-aaral na ito.

Kay Gng. Sydel Camille D. Compo, sa kanyang pagbibigay suporta, at mahalagang komento at motibasyon.

Sa mga kalahok, ang kanilang tapat na suporta, pakikipagtulungan at oras upang ibigay sa may-akda ang lahat ng kinakailangang impormasyon.

At higit sa lahat, sa aming pamilya, kaibigan, espesyal na tao para sa pagmamahal, moral na suporta, at inspirasyon upang mapanatili ang mananaliksik sa pagkamit ng kanyang layunin.

## PAGHAHANDOG

Ang aklat na ito ay taos-puso naming inaalay

sa Poong Maykapal na nagbibigay ng kaalaman at karunungan;

ang aming minamahal na mga magulang, para sa kanilang moral na suporta,

inspirasyon, at pag-unawa upang maaabot ang lahat ng aming mga pangarap;

sa aming mga kaibigan at kaklase, para sa laging pagsama, panghihikayat, at

pag-unawa upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito.

***Hazel at Michelle***

**ABSTRAK**

Ang akademikong pagganap ay isang mahalagang sukatan ng tagumpay sa paaralan at isang indikasyon ng kahandaan sa hinaharap ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay tumutukoy sa mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Misamis University. Ang disenyong ginamit sa kwantitatibong pag-aaral ay *descriptive correlational*. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang 170 na mga mag-aaral sa ikapitong baitang hanggang ika-sampung baitang ng Junior High School na pinili sa pamamagitan ng *stratified random sampling*. Gumamit ang mananaliksik ng limang puntong *likert-scale questionnaire* bilang instrumento sa pagtitipon ng mga datos. Natuklasan sa pananaliksik na ito na ang mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay may makabuluhang epekto sa gampanin at pangkalahatang tagumpay sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ang mga salik na ito ay mahalaga sa paghubog sa kanilang kakayahan at kahusayan sa akademikong pagganap. Ipinapakita na ang akademikong pagganap ay may kaugnayan sa iba't ibang salik na isang mahalagang papel sa tagumpay sa pag-aaral ng mag-aaral. Inirerekomenda ng pag-aaral na gumamit ang mga guro ng makabagong pamamaraan at palawakin ang kasanayan sa pagtuturo upang maging mas makabuluhan ang talakayan sa Filipino.

Mga Susing Salita: *salik, makabago, akademikong pagganap, interes, kasanayan*

**TALAAN NG NILALAMAN**


| | | Pahina |
|---|---|---|
| PAMAGAT | . . . . . . . . . . | i |
| DAHON NG PAGPAPATIBAY | . . . . . . . | ii |
| PAGKILALA | . . . . . . . . . | iii |
| PAGHAHANDOG | . . . . . . . . . | iv |
| ABSTRAK | . . . . . . . . . | v |
| TALAAN NG NILALAMAN | . . . . . . . | vi |
| TALAAN NG MGA TALAHANAYAN | . . . . . . | vii |
| TALAAN NG PIGURA | . . . . . . . . | viii |
| **KABANATA** | | |
| 1 PANIMULA | . . . . . . . | 1 |
| Teoretikal na Balangkas | . . . . . | 5 |
| Konseptuwal na Balangkas | . . . . . | 7 |
| Iskematik Dayagram ng Pag-aaral | . . . . | 11 |
| Layunin ng Pag-aaral | . . . . . . | 12 |
| 2 PAMAMARAAN | . . . . . . . . | 13 |
| Pamamaraang Ginamit | . . . . . | 13 |
| Pananaliksik ng Pangkapaligiran | . . . . | 13 |
| Pinanggalingan ng Datos | . . . . . | 13 |
| Instrumentong Ginamit | . . . . . | 14 |

Pagtitipon ng Datos . . . . . . 15

Isinaalang-alang na Etika . . . . . 15

Estatistikang Pag-aaral ng mga Datos . . . 16

3 RESULTA AT TALAKAYAN

Mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap
ng mga Mag-aaral sa Filipino . . . . 17

Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral
sa Filipino . . . . . . . 18

Makabuluhang Kaugnayan ng mga Salik
na Nakaaapekto Akademikong Pagganap
ng mga Mag-aaral sa Filipino . . . . 20

4 LAGOM, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT

REKOMENDASYON . . . . . . 23

Lagom . . . . . . . 23

Mga Natuklasan . . . . . . 23

Konklusyon . . . . . . . 24

Rekomendasyon . . . . . . 25

TALASANGGUNIAN . . . . . . . . 27

APENDIKS

Apendiks A – Talatanungan . . . . . 33

Apendiks B – Informed Consent Form . . . 35

Apendiks C – Kapahintulutan ng Magulang . . . 36

Apendiks D – Letter of Request . . . . 37

CURRICULUM VITAE . . . . . . . . 38

## TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

Talahanayan Pahina


1 Mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino . . . . . 17

2 Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino . . . . . . . . 18

3 Makabuluhang Kaugnayan ng mga Salik na Nakaaapekto Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino . . . . . 20

## TALAAN NG PIGURA


| Pigura | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Iskematik Dayagram ng Pag-aaral . . . . . . | 11 |

Kabanata 1

# PANIMULA

Kasabay ng pag-usbong ng makabagong panahon, nagaganap din ang pagbabago sa larangan ng edukasyon (Ocampo, 2019). Nagiging komprehensibo, nagkakaroon ng mga hamon, napabibilis ang pagkatuto, natutuklasan at dumarami ang mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Umusbong ang mga makabagong teknolohiya na maaaring isama at gamitin sa talakayan sa klase. Naimbento ang iba't ibang kagamitan na makatutulong na maging basehan sa mas magandang kalidad na edukasyon (Belonta, 2014). Ang nagiging hamon ay ang pagbuo ng mga paraan at paglikha ng mga epektibong estratehiya sa paggamit ng mga makabagong kagamitan upang makatulong sa pagtuturo sa mga mag-aaral (Balmana et al., 2019).

Isa sa pinakamahalagang bahagi ng pag-unlad ng tao ay edukasyon (Shakeel at Peterson, 2020). Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay maaaring maging basehan upang makalikha ng mga dekalidad na indibidwal na maaaring maging mahusay na lider at manggagawa na responsable sa ekonomiya at panlipunang pag-unlad ng bansa (Ali et al., 2009). Ilan sa mga salik na nakakaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay kasanayan ng guro, paggamit ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo, kultural na kasanayan, interes sa pag-aaral, pagpapahalaga sa wika, at kapaligiran sa pag-aaral. Maraming mga mananaliksik ang gumawa ng mga pag-aaral tungkol sa mga salik na nakaaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Sa pag-aaral nina Alani at Hawas (2021), inihayag na ang guro na may sapat na kasanayan sa pagtuturo at gumagamit ng iba't ibang estratehiya ay maaaring magkaroon ng mas positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral.

Nagkaroon ng malaking pagbabago sa pamamaraan na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo sa pagsapit ng ika-21 na siglo. Sa modernong panahon, ang pinakamalawak at pangunahing instrumento na ginagamit sa edukasyon ay ang mga kompyuter (Bacilio et al., 2019). May pag-aaral na isinagawa sa North America na nagpapakita na ang pagkakaroon ng kompyuter bawat mag-aaral ay maaaring maging salik sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral at kanilang motibasyon na pumunta sa paaralan (Harris at Al Betaineh, 2015). Isang patunay na nararapat makasabay ang larangan ng edukasyon sa modernisasyon. Ang mga metodo ay nakaangkla sa mga makabagong teknolohiya upang mas maging masigla at interaktibo ang talakayan. Higit na mabisa at epektibo ang pagkamit ng pagkatuto ng mga mag-aaral kung ang mga guro ay gumagamit ng mga kagamitang awdyo biswal kagaya ng *laptop* at *projector*, *TV, speaker* at iba pa sa pagtuturo sa klase (Balmana et al., 2019). Nararapat din isaalang-alang ang *collaborative learning* at *engagement* ng mga estudyante dahil ito ay nagpapabuti sa pagkatuto ng mga mag-aaral (Querishi et al., 2021).

Isang hamon para sa mga guro ang pagpapanatili sa interes ng mga mag-aaral na pag-aralan ang wika sa makabagong panahaon. Napag-alaman sa pag-aaral na isinagawa sa Pakistan na mas mahusay ang pagganap ng mga babaeng estudyante, kaysa mga lalaki (Farooq et al., 2011). Ang akademikong interes ay pinapalagay na isang mahalagang *domain* na panloob na pagganyak *(intrinsic motivation)* na nagtatakda sa akademikong tagumpay. Partikular sa bansang Germany, ilang may-akda tulad nina Schiefele (1991) at Krapp (1999) ang nagmungkahi na ang mga interes ay nakakaimpluwensya sa akademikong tagumpay at pagkatuto sa paaralan. Iba pang mga salik na may kaugnayan

sa interes ng mag-aaral ay pagsusumikap, motibasyon, at mga estratehiya sa pag-aaral na nag-ambag din sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral (Diseth et al., 2010).

Maliban sa pagpapanatili sa interes ng mga mag-aaral, nagiging salik rin kung paano binibigyang-halaga ng mga mag-aaral ang sariling wika. Ang wikang Filipino ang pambansang wika na itinakda ng Konstitusyon ng Pilipinas (Office, 2022). Sa pamamagitan ng wika, nagkakaintindihan ang mga tao. Ang pagsasanay sa wika at kultura ng bansa ay naglalarawan ng ugnayan ng mga mag-aaral sa kanilang sariling identidad. Ang pagpapahalaga sa wikang Filipino ay pagpapahalaga rin sa pagka-Pilipino. Isa sa paraan upang ipakita ang pagpapahalaga sa kinagisnan ay ang pag-aaral ng wikang Filipino. Nararapat hindi itinuturing na walang kabuluhan at binabasta-basta ang asignaturang ito, kailangan sineseryoso ang sistematikong pag-aaral ng sariling wika (Ventoso, 2018).

Hindi lamang pagkakaroon ng sapat na kasanayan sa pagtuturo ang nararapat taglayin ng guro, nangangailangan din ng kultural na kasanayan upang mapalawak ang kaalaman at mapukaw ang pagka-Pilipino ng mga mag-aaral na pag-aralan ang asignaturang Filipino. Ang wikang Filipino ay bahagi ng kultura ng mga Pilipino. Ito ay isa sa mga nagsisilbing pagkakakilanlan ng mga mamamayan, at midyum ng komunikasyon ng mga tao (Jay, 2018). Isang pag-aaral na isinagawa sa malaking paaralan sa Pilipinas, natuklasan na ang mga nakasanayang kulturang Pilipino ay nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral (Sartin et al., 2021). Ang kulturang Pilipino ang magiging daan sa pagtuklas ng mga kaalaman tungkol sa mga katutubong konsepto sa kapilipinuhan sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino (Alday, 2022).

Ang pagkakaroon ng mahusay na akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay hindi lamang umiikot sa guro at mag-aaral, gayundin sa silid na kanilang pinanatilihan. Maraming mga pag-aaral ang nagmungkahi na ang isang kaaya-ayang kapaligiran sa silid-aralan ay nagtataguyod ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral (Patrick, 2021). Sinang-ayunan ito ni Loukas (2007) na ang pangkalahatang kapaligiran ng paaralan ay nakaaapekto sa akademikong motibasyon at tagumpay ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral ni Herrera (2019) na isinagawa sa probinsya ng Apayao sa Pilipinas, napag-alaman na ang bilang ng mga mag-aaral sa loob ng klase at *peer factor* ay makabuluhang nauugnay sa kanilang akademikong pagganap. Ang pangkalahatang kapaligiran ng paaralan ay nakakaimpluwensya sa pag-uugali, kilos at emosyonal na kalagayan ng mga estudyante. Sumalungat naman dito ang pag-aaral ni Dibartola et al. (2001), na ang pagkalahatang kapaligiran ng silid-aralan ay hindi nakakaimpluwensya sa layuning pagkatuto *(learning outcome)* ng mga mag-aaral. Gayundin ang pag-aaral na isinagawa sa Koronadal City, Philippines, at natuklasan na walang makabuluhang ugnayan ang *school climate,* kahusayan ng guro, at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa Misamis University, Ozamiz City, sa Junior High School, naobserbahan ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay nahihirapan pagdating sa pagkatuto ng asignaturang Filipino. Ninanais ng mga mananaliksik na matukoy ang mga salik at ang ugnayan nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Isinasagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang posibleng dahilan kung bakit hindi madali para sa mga mag-aaral ang pag-aralan ang asignaturang Filipino.

**Teoretikal na Balangkas**

Ang mga sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbabatayan ng pag-aaral na ito: *Constructivist Learning Theory* ni John Dewey (1966) at *Theory of Educational Productivity* ni Herbert Walberg (1981).

Ang *Constructivist Learning Theory* ni John Dewey (1966) ay nagsasabi na ang mga mag-aaral ang bumubuo ng kanilang sariling kaalaman sa halip na lantarang inilalahad sa kanila ang impormasyon. Naniniwala si Dewey na ang edukasyon ay dapat nakatuon sa mga mag-aaral (*student-oriented*) sa halip na nakatuon sa paksa, at ang pagtuturo ay may layuning pukawin ang isipan sa pamamagitan ng paglutas sa problema at paghikayat na gamitin ang orihinal na pag-iisip *(original thinking).* Ang mga gurong nakauunawa sa *Constructivist Learning Theory* ay naniniwala na ang bawat mag-aaral ay nagdadala ng kakaibang karanasan sa silid-aralan. Gayundin, kinikilala nila na ang dating kaalaman at *background* ay nakaaapekto sa kakayahang matuto ng mag-aaral (Main, 2023).

Ang *Constructivism* ay isa sa mga pinaka-maimpluwensyang pilosopiya sa edukasyon ngayong dalawampu't isang siglo (Krahenbuhl, 2016). Ang *constructivist* na pagtuturo ay nagiging laganap sa programa ng edukasyon, habang nagpapakita ng makabuluhang tagumpay sa pagtataguyod ng pagkatuto ng mag-aaral (Shah at Kumar, 2019). Hinihikayat ng mga gurong gumagamit ng *constructivism* ang mga mag-aaral na suriin ang estratehiya na angkop sa kanila at kung paano nakatutulong ang iba't ibang gawain sa silid-aralan sa pagkamit ng kanilang pag-unawa at kaalaman. Ang mga mag-aaral sa *constructivist* na silid-aralan ay karaniwang nahuhubog na maging mga dalubhasang mag-aaral o *expert students* (Sharma at Bansal, 2017).

Ang teoryang *Constructivism* ay nakatuon sa mga mag-aaral at gumagamit ng pagtuturong nakapokus sa mag-aaral sa talakayan sa klase. Iniuugnay ito sa mas interaktibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto na angkop sa pangangailangan sa larangan ng edukasyon sa modernong panahon. Ang *Constructivist Learning Theory* ni John Dewey ay may kaugnayan sa pag-aaral na ito dahil nakatuon ang teorya sa makabago at epektibong proseso ng pagkatuto na maaaring makatulong sa mas mahusay na akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Ang *Theory of Educational Productivity* ni Herbert Walberg (1981) ay tumatalakay tungkol sa mga impluwensya sa pag-aaral na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng isang mag-aaral. Ito ay isang pagsaliksik ng akademikong tagumpay kung saan gumamit si Walberg ng iba't ibang pamamaraan kung paano matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mag-aaral (Ipl.org, 2020). Ang teorya ni Walbert ay may pangunahing layunin na suriin kung ano ang nagiging sanhi ng mahinang pagganap ng mag-aaral (Angelica, 2021).

Ang pagiging produktibo ay maaaring ilapat sa larangan ng edukasyon sa parehong paraan kung paano sinusuri ng mga ekonomista ang mga relasyon sa pagitan ng *input* at *ouput* (Duyar et al., 2006). Isang pag-aaral ang isinagawa gamit ang isang *model of educational productivity*, at natuklasan na ang ugali ng mga mag-aaral ay may positibong ugnayan sa kakayahan, pagganyak, saloobin sa guro, dami ng takdang-aralin, at kapaligiran sa klase, at sa tahanan (Walberg et al., 2015). Ang teorya ni Walberg ay may siyam na salik kabilang rito ang kakayahan, edad, motibasyon, dami ng pagtuturo, kalidad ng karanasan sa pagtuturo, kapaligiran sa tahanan, kapaligiran sa silid-aralan, *peer group environment*, at midyang pangmasa. Ayon sa pag-aaral ni Kuterbach (2013)

na ginamit ang modelo ni Walberg, natuklasan na ang pinakamahusay na tagahula ng akademikong resulta ay kakayahan, pagganyak o motibasyon at pag-unawa sa pagbasa.

Ang *Walberg's Theory of Educational Productivity* ay may apat na pangunahing elemento na makatutulong sa pag-unawa sa pagganap ng mag-aaral; Kakayahan; Kapaligiran; Pagkatuto ayon sa *Theory of Educational Productivity*; at Pagtuturo. Ang teorya ni Walberg ay may kaugnayan sa pananaliksik na ito dahil tumatalakay ito sa mga salik na nakakaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Nakatuon rin sa parehong mga elemento na makatutulong upang maging basehan sa mas tiyak na resulta ng pananaliksik.

**Konseptuwal na Balangkas**

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang pag-aaral ay isang mahalagang bahagi ng buhay ng bawat mag-aaral. Ito ay nagbibigay daan sa masusing pag-unlad ng isang indibidwal at nagbubukas ng mga pintuan patungo sa mas magandang kinabukasan. Gayunpaman, maraming mga salik ang maaaring makaapekto sa akademikong pagganap ng isang mag-aaral.

Ang akademikong pagganap ay ang sukatan ng tagumpay ng mag-aaral sa iba't ibang asignaturang pang-akademiko. Hindi lamang sa mga mag-aaral nakadepende ang pagtamo ng mahusay na pagganap, gayundin nasa guro at iba pang mga salik. Isang mahalagang aspeto ng malawak na kasanayan ng guro ay ang kakayahang magpamalas ng malalim na pang-unawa sa mga konsepto ng Filipino (Gannaban, 2013). Ang isang guro na may malawak na kasanayan ay may kakayahang magdala ng buhay sa mga aralin at ang pagiging mahusay sa pamamahagi ng kaalaman. Isa sa mga pangunahing

pakinabang ng paggamit ng bidyo sa pagtuturo ay ang kakayahang magbigay ng biswal na representasyon sa mga konsepto (Kim et al., 2011). Ang mga guro ay maaaring gumamit ng mga bidyo upang ipakita ang kahalagahan ng mga konsepto sa tunay na buhay (Arazo at Salic, 2023). Ang kasanayan ng guro sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo tulad ng bidyo, awdyo, at iba pang *multimedia* ay may malaking kahalagahan sa pagpapahayag ng kanyang mga aralin at pagpapalawak ng karanasan ng mga mag-aaral.

Sa paglipas ng panahon, patuloy ang pagbabago at pag-unlad sa iba't ibang larangan ng buhay, kabilang na ang edukasyon. Isa sa mga pangunahing aspeto ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo ay ang paggamit ng teknolohiya sa loob at labas ng silid-aralan. Ang pagsasama ng mga *digital* na teknolohiya sa kurikulum ay nilayon upang suportahan ang makabagong pedagohiya, pati na rin ihanda ang mga mag-aaral para sa hinaharap na trabaho at maging mabuting mamamayan (Ng, 2015). Sa katunayan, sa paggamit ng kompyuter sa edukasyon, naging mas madali para sa mga guro ang pagbibigay ng kaalaman at para sa mga mag-aaral na makuha ito. Ang paggamit ng teknolohiya ay ginawang mas kasiya-siya ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto (Raja et al., 2018). Ang mga modernong *gadget* at aplikasyon ay nagiging bahagi na ng pang-araw-araw na pagtuturo na makatutulong sa mas matagumpay na karanasang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral ng wika at pag-unlad sa kultura na kasanayan ay hindi lamang isang gawain sa paaralan kundi isang mahalagang aspeto ng ating personal na pag-unlad at pagkakakilanlan. Ang wika ay isang kasangkapan ng komunikasyon na nagbibigay daan sa atin upang maipahayag ang ating mga kaisipan, damdamin, at ideya (Tarun,

2012). Sa pamamagitan ng wika, nagkakaroon tayo ng kakayahang makipag-usap, makipagtulungan, at magbigay ng impormasyon. Ang wika ay nagbibigay daan sa mga mag-aaral na mailarawan at mailahad ang kanilang mga ideya at kaalaman. Sa pamamagitan ng wika, nagiging mas mabilis at mas epektibo ang pagpapahayag ng mga ideya, opinyon, at konsepto. Mahalaga ang wika sa pagpapanatili, pagpapayabong, at pagpapalaganap ng kultura ng bawat grupo ng tao (Elcomblus, 2023).

Sa pag-unlad ng teknolohiya at globalisasyon, ang pagpapahalaga sa wikang Filipino ay kinakailangan upang mapanatili ang kahalagahan nito sa lipunan. Ang wika ay nagbibigay ng pagkakakilanlan bilang isang lahi, nag-uugnay sa ating kasaysayan, at nagpapakita ng ating pagkakaisa (Gabriel, 2011). Bilang mga Pilipinong mag-aaral, nararapat ipamalas ng mga estudyante ang pagpapahalaga sa sariling wika upang mas kasiya-siya at madali ang kanilang pagkatuto, at mahubog na maging makabuluhang mamamayan ng bansa.

Ang kapaligiran ng silid-aralan ay pinapalagay na nakaiimpluwensya sa pagkatuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Ipinahiwatig sa pag-aaral ni Shernoff et al. (2017), na ang *environmental support* ay makabuluhang nauugnay sa pagkatuto. Ang pisikal na kapaligiran ng silid-aralan tulad ng ilaw, ingay, at temperatura ay may negatibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral (Marchand et al., 2014).

Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay hinuhubog at naiimpluwensyahan ng iba't ibang salik. Ang akademikong pagganap ay naaapektuhan ng mga salik na may kaugnayan sa paaralan at mga mag-aaral. Ang hindi sapat na bilang ng mga guro, kakulangan sa materyales sa pagbabasa at pagtuturo, mahinang kasanayan ng guro, hindi sapat na silid-aralan at kapaligiran ng paaralan ay nakakaapekto sa

motibasyon at akademikong pagganap ng mga mag-aaral (Ullah et al., 2022). Pinatunayan din ito sa pag-aaral ni Gruspe-Taberdo (2019), at isiniwalat na may malaking epekto sa pagganap ng mga mag-aaral ang mga salik na may kaugnayan sa paaralan at guro *(school-related and teacher-related factors).* Ang mga guro na may mataas na kasanayan sa kanilang larangan ay mas magtatagumpay sa pagbibigay ng tamang kaalaman at kasanayan sa kanilang mga mag-aaral.

Ang paggamit ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo, tulad ng teknolohiya sa edukasyon ay nagbibigay ng mas malawak na kaalaman at pag-unawa sa mga mag-aaral. Ang paggamit ng mga komprehensibo at inobatibong estratehiya o pamamaraan sa pagtuturo sa makabagong panahon ay napatunayang mabisa sa pagpapabuti ng pagganap ng mag-aaral partikular sa pagbasa (Catuiran, 2022). Gayundin, mahalaga ang paggamit ng makabagong pamamaraaan sa klase upang mapukaw at mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa paksa. Ang pagkakaroon ng kultural na kaalaman ay isa sa mga salik na nakaiimpluwensya sa pagiging epektibo ng paaralan (Dagohoy, 2018). Bilang mga Pilipinong mag-aaral, mahalaga na bigyang-kabuluhan ang sariling wika lalo na sa makabagong panahon na mahirap yakapin ang sariling atin, at sa pag-usbong ng globalisasyon na naaapektuhan ang larangan ng edukasyon.




Pigura 1. Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

**Layunin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap sa Filipino ng mga mag-aaral sa Junior High School ng Misamis University. Ang pag-aaral na ito ay sinagot ang mga sumusunod na mga layunin:

1. Natutukoy ang mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino
2. Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino
3. Natutukoy ang makabuluhang ugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa pag-aaral ng Filipino at akademikong pagganap ng mga mag-aaral

Kabanata 2

# PAMAMARAAN

## Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng *descriptive correlational* na disenyo. Ang layunin ng isang deskriptiv na pananaliksik ay ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at kaugnayan ng mga baryabol gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos. Ang kaugnayan na ito ay nagpapaliwanag ng pagkaugnay-ugnay ng mga baryabol nang walang anumang aktibong interbensyon sa bahagi ng mananaliksik (Polit at Hungler, 2013). Ito ay angkop sa pag-aaral upang matukoy ang kaugnayan ng mga salik sa pag-aaral at kanilang akademikong pagganap.

## Pananaliksik na Pangkapaligiran

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Basic Education Department Junior High School ng Misamis University. Ang Pamantasan ng Misamis, kabilang ang Basic Education Department ay isang ISO 9001:2015 Management System Certified na ipinagkaloob ng Det Norske Veritas-Germanischer Lloyd Business Assurance. Ang Basic Education Department ay ginawaran ng Level II accreditation ng PACUCOA (Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation).

## Pinanggalingan ng Datos

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay 170 na mga mag-aaral sa ikapitong baitang hanggang ika-sampung baitang ng Junior High School sa Misamis University na pinili sa pamamagitan ng *stratified random sampling* mula sa apat (4) na baitang.

**Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos**

Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrumento sa pananaliksik:

**A. Talatanungan sa mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap**

Ang talatanungan na ginamit sa pananaliksik na ito ay isang limang puntong likert-scale questionnaire. Ang limang puntong likert-scale ay may pagpipiliang bilang mula 1 hanggang 5. Ang bilang 1 ang pinakamababa habang ang 5 naman na bilang ang pinakamataas. Sa bilang 1 ay nangangahulugang (Hindi Kailanman), ang bilang 2 naman ay (Bihira), sa bilang 3 (Minsan), sa bilang 4 (Madalas), at sa bilang 5 ay (Palagi). Ang inangkop na talatanungan ay nahahati sa anim na seksyon. Binubuo ito ng labing-walo na pahayag kasama ang mga sumusunod: kasanayan ng guro, mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo, kultural na kasanayan, interes sa pag-aaral, pagpapahalaga sa wikang Filipino, at kasiyahan sa kapaligiran ng pag-aaral.

Narito ang eskala upang matukoy ang lebel ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap sa Filipino.

| **Sagot** | **Saklaw** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|
| 5- Palagi | 4.21-5.00 | Lubos na Nakaaapekto |
| 4- Madalas | 3.41- 4.20 | Higit na Nakaaapekto |
| 3- Minsan | 2.61-3.40 | Nakaaapekto |
| 2- Bihira | 1.81-2.60 | Di-Gaanong Nakaaapekto |
| 1- Hindi Kailanman | 1.00-1.80 | Hindi Nakaaapekto |

**B. Akademikong Pagganap**

Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay kinuha mula sa marka ng mga mag-aaral sa unang markahan. Ang interpretasyon sa marka ng mga mag-aaral ay ibintay sa iskala sa ibaba na galing sa K to 12 Curriculum Guide ng DepEd.

| **Marka** | **Deskripsyon** | **Remarks** |
|---|---|---|
| 90-100 | Pinakamahusay | Pumasa |
| 85-89 | Mahusay | Pumasa |
| 80-84 | Di-gaanong Mahusay | Pumasa |
| 75-79 | Mababa | Pumasa |
| 75 pababa | Napakababa | Bumagsak |

## Pagtitipon ng mga Datos

Bago ang pagbibigay ng talatanungan at pagtitipon ng mga datos, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng permiso mula sa punong guro ng Basic Education Junior High School Misamis University, Ozamiz City para sa pagsasagawa ng pag-aaral. Ang paglahok ay hihingin mula sa mga tagapayo ng klase na ang mga estudyante ay nagsilbi bilang aktwal na respondente. Ang talatanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik ang ginamit upang makakuha ng datos sa mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Junior High School.

## Etikal na Konsiderasyon

Ang mga respondente sa pananaliksik ay hindi idadaan sa malalim na patakaran na maaaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga

respondente sa pananaliksik ay binigyang prioridad. Ang paghingi nang pahintulot ay nakuha mula sa mga respondente bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang mga pangalan ng respondente ay hindi naitala sa alinman sa mga materyal na ginamit sa pangangalap ng datos. Ang mga talaan ng pag-aaral na ito ay mananatiling pribado at kumpedensyal. Sa anumang uri ng ulat na maaaring mailimbag, walang impormasyon ang isasama na maging possible upang makilala ang mga mananaliksik. Ang anumang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinatapos sa katapatan at anumang uri ng nakalikito na impormasyon pati na rin bilang representasyon ng mga natuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan ay iniwasan.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Ang mga datos ay inalisa gamit ang mga sumusunod na mga kagamitang pang-estatistika o *statistical tools* ng pag-aaral na nakabatay sa Minitab:

*Mean and Standard Deviation.* Ang tool na ito ay ginamit upang matukoy kung paano nakaaapekto ang mga salik sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

*Pearson Product Moment Correlation Coefficient.* Ginamit ito sa pagtukoy ng makabuluhang kaugnayan ng mga salik sa pag-aaral at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Kabanata 3

# RESULTA AT TALAKAYAN

## Mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino

Ipinakita sa Talahanayan 1 na ang kabuuan ng mga salik ay may mataas na antas (M=4.27; SD=0.70) na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang anim na baryabols ay may mataas na antas: Kasanayan ng Guro sa Pagtuturo sa Filipino (M=4.45); Mga Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo (M=4.30); Kultural na Kasanayan (M=4.29); Interes sa Pag-aaral ng Wika (M=4.12); Pagpapahalaga sa Wikang Filipino (M=4.21); at Kasiyahan sa Kapaligiran ng Pag-aaral (M=4.22).

Ang pagpapakita ng guro ng malawak na kasanayan sa pagtuturo, paggamit ng wika at gramatika, at mga estratehiya na nagpapalawak sa aralin ay nakatutulong sa pagtamo ng mga mag-aaral ng mataas na akademikong pagganap. Sinang-ayunan ng mananaliksik na si Villanueva (2019), ang isang mahusay at epektibong guro ay isinasaalang-alang ang interes at pangangailangan ng mga mag-aaral, gumagamit ng mga kagamitan sa pagtuturo, tinitiyak na masaya ang kapaligiran ng silid-aralan, may kaalaman sa araling ituturo, at marunong gumamit ng teknolohiya sa mga gawain ng mga mag-aaral.

Binigyang-diin na malaki ang ginagampanan na tungkulin ang mga guro sa paghubog ng mga mag-aaral upang makatamo ng mataas na pagganap. Ang guro ang nagsisilbing instrumento na gumagabay at tumutulong sa mga mag-aaral upang maging mahusay at maalam sa iba’t ibang aspeto ng buhay. Gayundin, ang pagkakaroon ng komportable at malinis na silid-aralan at paggamit ng mga makabagong kagamitan, ay

makatutulong upang mapukaw ang atensyon at motibasyon ng mga mag-aaral. Ang kapaligiran ng silid-aralan ay mahalagang salik sa pamamaraan ng pagkatuto, ito ang lugar kung saan ang mga mag-aaral ay naiimpluwensyahan ng iba't ibang mga salik tulad ng kanilang mga katangian, mga guro at kaklase (Alharbi et al., 2021).

Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay naaapektuhan ng iba't ibang salik. Kabilang rito ang pagkakaroon ng kasanayan ng guro sa pagtuturo sa Filipino, paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo, pagkakaroon ng mga guro ng kultural na kasanayan, interes sa pag-aaral ng wika ng mga mag-aaral, gayundin ang kanilang pagbibigay-halaga sa wikang Filipino, at pagkakaroon ng masayang kapaligiran sa pag-aaral ay mga salik na maaaring magdulot ng positibong epekto at maging tulay sa pagkamit ng magandang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Talahanayan 1

Mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino (n=170)

| **Mga Konstruksyon** | **Mean** | **St. Dev.** | **Remarks** |
|---|---|---|---|
| Kasanayan sa Guro sa Pagtuturo sa Filipino | 4.45 | 0.60 | Lubos na Nakaaapekto |
| Mga Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo | 4.30 | 0.66 | Lubos na Nakaaapekto |
| Kultural na Kasanayan | 4.29 | 0.66 | Lubos na Nakaaapekto |
| Interes sa Pag-aaral ng Wika | 4.12 | 0.77 | Higit na Nakaaapekto |
| Pagpapahalaga sa Wikang Filipino | 4.21 | 0.76 | Lubos na Nakaaapekto |
| Kasiyahan sa Kapaligiran ng Pag-aaral | 4.22 | 0.73 | Lubos na Nakaaapekto |
| Kabuoan | 4.27 | 0.70 | Lubos na Nakaaapekto |

*Note: 4.21-5.00 (Lubos na Nakaaapekto); 3.41-4.20 (Higit na Nakaaapekto); 2.61-3.40 (Nakaaapekto); 1.81-2.60 (Di-Gaaanong Nakaaapekto); 1.0-1.80 (Hindi Nakaaapekto)*

**Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino**

Sa Talahanayan 2, ipinakita ang resulta ng akademikong pagganap ng 170 na mag-aaral. Makikita rito na 56 sa mga mag-aaral ay napabilang sa pinakamahusay sa

kanilang akademikong pagganap. Kasunod nito may 55 na mag-aaral na napabilang sa katamtaman ang husay, 39 sa mahusay, 18 sa di-gaanong mahusay at 2 ang napabilang sa pinakamababa sa akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. Makikita sa resulta ng datos na ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay mahusay (M=86.31).

Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay mahusay sa klase na makikita sa kanilang akademikong pagganap. Karaniwang sinusukat sa pamamagitan ng mga pagsusulit, eksaminasyon at patuloy na pagtatasa sa loob ng klase. Bukod dito, ipinapakita ng resulta na natamo ng mga mag-aaral ang mga kasanayan at pamantayan na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa asignaturang Filipino.

Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay ang pangunahing elemento sa pagsusuri sa mga layuning pang-edukasyon para sa mga mag-aaral at guro (Bosco et al., 2023). Ito ay tumutukoy sa natamong resulta ng isang mag-aaral na kanyang nakamit sa loob ng paaralan (Steinmayr et al., 2017). Makikita at masasalamin sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ang kanilang layunin sa hinaharap. Sa pamamagitan nito, matutukoy kung ano ang programa ang kanilang kukunin sa kolehiyo, alin ang institusyon na pang-edukasyon ang kanilang maaaring pasukan, at kung ano ang mga oportunidad ang kanilang kukunin at iba pa (Kapur, 2018).

Nakapaloob sa akademikong pagganap ang pagsasama ng mga resulta ng mga gawain sa loob ng silid-aralan na naaapektuhan ng iba't ibang salik. Nakabatay ito sa guro, mag-aaral at mga taong mayroong kontribusyon sa pag-aaral ng isang mag-aaral. Ang akademikong pagganap ay mahalaga sapagkat maipapakita ito bilang patunay sa natamo ng mag-aaral sa pag-aaral at magagamit upang makatulong na maging matagumpay sa hinaharap.

Talahanayan 2

Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino
(n=170)

| Satisfaction Level | Pagsusunod-sunod | Bahagdan | M | SD |
|---|---|---|---|---|
| Pinakamahusay | 56 | 32.94 | | |
| Mahusay | 39 | 22.94 | | |
| Katamtaman ang Husay | 55 | 32.35 | | |
| Di-Gaanong Mahusay | 18 | 10.59 | | |
| Napakababa | 2 | 1.18 | | |
| Overall Performance | 170 | 100.00 | 86.31 | 6.03 |

*Note: 90-100 (Pinakamahusay); 85-89 (Mahusay); 80-84(Katamtaman ang Husay); 75-79 (Di-Gaanong Mahusay); Below 75 (Napakababa)*

**Makabuluhang Kaugnayan ng mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino**

Batay sa talahanayan 3, ipinakita rito ang makabuluhang ugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga resultang ipinakita na may kabuluhan ang mga sumusunod na baryabol: kasanayan ng guro sa pagtuturo (p=0.002); mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo (p=0.001); kultural na kasanayan (p=0.001); interes sa pag-aaral ng wika (p=0.000); pagpapahalaga sa wikang Filipino (p=0.002); at kasiyahan sa kapaligiran ng pag-aaral (p=0.000). Ang mga bilang na r-value at p-value ay nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang ugnayan ang mga salik sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Ito ay nagpapakita na ang kasanayan ng guro sa pagtuturo, tulad ng pagkakaroon ng malawak na kasanayan sa paggamit ng wika at gramatika, at iba't ibang estratehiya sa talakayan at mga gawain, ay may positibong kaugnayan sa kanilang akademikong pagganap. Sinuportahan ito ng pag-aaral nina Ugbe at Agim (2009), at inihayag na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan ng guro at akademikong pagganap ng

mga mag-aaral. Natuklasan sa pag-aaral na isinagawa sa Ghana, na ang paggamit ng *Information and Communication Technology* (ICT) ay nagpapabuti sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral (Mensah et al., 2023). Upang mabigyan ng pagkakataon ang mga guro at mag-aaral na makasabay sa pangangailangan ng modernong edukasyon, ang pagsasama ng teknolohiya sa mga aktibidad sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay kinakailangan.

Hindi lamang kasanayan sa pagtuturo, gayundin ang pagkakaroon ng kultural na kasanayan ay mahalagang taglayin ng isang guro. Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng kultura ng mga Pilipino sa mga gawain at talakayan, ito ay makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang pagkakaroon ng sariling interes ng mga mag-aaral na pag-aralan ang wika, ay may mahalagang kaugnayan sa kanilang akademikong pagganap. Kapag interesado ang mga mag-aaral na pag-aralan ang sariling wika, at nasisiyahan habang nakikilahok sa mga gawain na may kaugnayan sa wika, mas inaaasahan na makakamit ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng pagganap sa asignaturang Filipino. Gayundin, kapag alam ng mga mag-aaral ang halaga ng pagkakaroon ng kasanayan sa wikang Filipino, at ang gamit nito sa pakikipagtalastasan bilang mga mamamayang Pilipino, ay makatutulong ito na mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral.

Ang pagkakaroon ng mapag-arugang kapaligiran ng pag-aaral, ay may positibong kaugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa loob ng silid-aralan, mahalagang isulong ang pagkakaunawaan sa isa’t isa, pagkamagiliw at pagtutulungan ng mga guro at mag-aaral gayundin sa kapwa mag-aaral. Kapag may disiplina, at epektibong komunikasyon ang bawat isa, makatutulong ito sa mga mag-aaral na matuto nang mas mahusay at mapabuti ang kanilang pagganap (Kapur, 2018).

Ang guro ang pinakamahusay na kagamitang pampagtuturo. Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na ang kadalubhasaan, presensya at gawi ng mga guro ay nagsisilbing pangunahing tagapagdaloy ng karanasan ng pagkatuto ng isang mag-aaral. Ang mga salik ay nagsisilbing patnubay sa mga guro, at sa mga paaralan sa pangkalahatan upang pagtuunan ng pansin at bigyang-halaga ang mga aspeto na nakaaapekto sa akademikong pagganap upang mapabuti ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto, at mapa-unlad ang pag-aaral ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3

Makabuluhang Ugnayan ng mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino
(n=170)

| **Baryabol** | **r-value** | ***p*-value** | **Remarks** |
|---|---|---|---|
| Kasanayan sa Guro sa Pagtuturo sa Filipino at ang kanilang Akademikong Pagganap | 0.233 | 0.002 | Lubos na Makabuluhan |
| Mga Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo at ang kanilang Akademikong Pagganap | 0.251 | 0.001 | Lubos na Makabuluhan |
| Kultural na Kasanayan at ang kanilang Akademikong Pagganap | 0.255 | 0.001 | Lubos na Makabuluhan |
| Interes sa Pag-aaral ng Wika at ang kanilang Akademikong Pagganap | 0.307 | 0.000 | Lubos na Makabuluhan |
| Pagpapahalaga sa Wikang Filipino at ang kanilang Akademikong Pagganap | 0.232 | 0.002 | Lubos na Makabuluhan |
| Kasiyahan sa Kapaligiran ng Pag-aaralat ang kanilang Akademikong Pagganap | 0.279 | 0.000 | Lubos na Makabuluhan |

*Note: **p<0.01 (Lubos na Makabuluhan); *p<0.05(Makabuluhan); p>0.05 (Walang Kabuluhan)*

Kabanata 4

# LAGOM, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

## Lagom

Ang guro at ang kapaligiran ng silid-aralan partikular sa pagbibigay-diin sa pangangailangan para sa inklusibo at mapag-aruga na silid-aralan, at komprehensibong propesyonal na pagpapaunlad ng guro ay may makabuluhang kaugnayan sa akademikong pagganap ng mag-aaral (Arifin et al., 2024). Sa pag-aaral na ito ay natuklasan ang antas ng komprehensiyon at salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga respondente sa pag-aaral ay binubuo ng 170 na mag-aaral na hinati-hati sa apat na baitang sa Pamantasan ng Misamis University. Ang pananaliksik ay gumagamit ng isang talatanungan bilang kagamitan sa pagtitipon ng datos kung saan ang ito ay gawa mismo ng mga mananaliksik na pinamagatang Mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino. *Mean* at *Standard Deviation* ang ginamit na *statistical tools.* Ang mga sumusunod ay ang mga layuning nais matuklasan ng pananaliksik: 1. Natutukoy ang mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino; 2. Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino; 3. Natutukoy ang makabuluhang ugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa pag-aaral ng Filipino at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

## Mga Natuklasan

Batay sa mga datos na nakuha, natuklasan ng mga mananaliksik ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral na nakaaapekto sa akademikong pagganap sa Filipino.

1. Ang interes sa pag-aaral ng wika ay may hindi gaanong malaking impluwensya sa mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap. May mga naging dahilan para rito, kabilang ang hindi nasisiyahan ang mga mag-aaral kapag nag-aaral ng wika, limitado ang pakikilahok sa mga ekstrakurikular na aktibidad, at hindi nasusuri at napag-uusapan ang halaga ng wikang Filipino.
2. Nagpapakita ng magandang kalidad sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Lubos na makabuluhan ang kasanayan ng guro sa pagtuturo, paggamit ng makabagong pamamaraan, pagkakaroon ng kultural na kasanayan, interes sa pag-aaral ng wika, pagpapahalaga sa wikang Filipino, at kasiyahan sa kapaligiran ng pag-aaral sa mga mag-aaral sa Junior High School.
3. Nagpapakita ng malalim na ugnayan ang mga salik tulad ng kasanayan ng guro sa pagtuturo, paggamit ng makabagong pamamaraan, pagkakaroon ng kultural na kasanayan, interes sa pag-aaral ng wika, pagpapahalaga sa wikang Filipino, at kasiyahan sa kapaligiran ng pag-aaral at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

## Konklusyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang interes sa pag-aaral ng wika ay may limitadong impluwensya sa akademikong pagganap. May mga kadahilanan tulad ng hindi nasisiyahan ang mga mag-aaral kapag nag-aaral ng wika, limitado ang kanilang

pakikilahok sa mga ekstrakurikular na gawain, at hindi napag-uusapan ang halaga ng wikang Filipino bilang mga mag-aaral.

2. Ang kalidad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay maganda. Ang kasanayan ng guro sa pagtuturo, paggamit ng makabagong pamamaraan sa talakayan at gawain, pagkakaroon ng kultural na kasanayan ng guro, pagkakaroon ng interes sa pag-aaral ng wika, pagpapahalaga sa wikang Filipino, at kasiyahan sa kapaligiran ng pag-aaral ay mahalaga sa pagtamo ng magandang pagganap.

3. May malalim na ugnayan ang mga aspeto ng kasanayan ng guro sa pagtuturo, paggamit ng makabagong pamamaraan, pagkakaroon ng kultural na kasanayan ng guro, interes sa pag-aaral ng wika, pagpapahalaga sa wikang Filipino, at kasiyahan sa kapaligiran ng pag-aaral at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay magkakaugnay at nagdudulot ng positibong epekto sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong larangan.

**Rekomendasyon**

Narito ang mga rekomendasyon ng mga mananaliksik mula sa isinagawang pag-aaral:

1. Mahalaga na magsagawa ang paaralan ng mga hakbang na maaring gawin upang bigyang-diin ang halaga ng wikang Filipino bilang mga mag-aaral, sa pamamagitan ng pag-organisa ng mga makabuluhang gawain na pupukaw sa pagka-Pilipino ng mga mag-aaral.

2. Hinihikayat ang mga guro na gumamit ng mga makabagong teknolohiya at napapanahong mga estratehiya na nakatuon sa mga mag-aaral upang pukawin ang kanilang interes at maging kawili-wili ang talakayan.
3. Bigyang-diin ang paggamit ng kolaboratibong pamamaraan ng pagkatuto, sa pamamagitan nito maaaring pagtibayin ang mga paraan ng pagtuturo na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na gawin ang kanilang gawain nang sama-sama, tulad ng *group projects, peer tutorin*g at *cooperative learning activities.*
4. Mahalaga na lumikha ng positibong kapaligiran sa silid-aralan kung saan ang mga mag-aaral ay komportableng magtanong at maglahad ng kanilang mga ideya at saloobin.
5. Para sa mga susunod na mananaliksik, magsagawa ng kwalitatibong pag-aaral na nakatuon sa iba pang salik na makatutulong upang makabuo ng komprehensibong estratehiya at solusyon sa mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

## TALASANGGUNIAN


Ackerman, G. (2022, January 27). How class size affects student learning. https://www.linkedin.com/pulse/how-class-size-affects-student-learning-ginger-ackerman?utm_source=share&utm_medium=guest_mobile_web&utm_campaign=copy

Alani, F. S., & Hawas, A. T. (2021). Factors affecting students academic performance: A case study of Sohar University. Psychology and Education, 58(5), 4624-4635. https://www.researchgate.net/publication/354723769_Factors_Affecting_Students_Academic_Performance_A_Case_Study_of_Sohar_University

Alday, A. (2022, April 15). Sikolohiyang pilipino. https://oursoul.su.edu.ph/OER/index.php/ourSOUL-OER/article/view/147

Ali, N., Jusoff, K., Ali, S., Mokhtar, N., & Salamat, A. S. A. (2009). The factors influencing students' performance at Universiti Teknologi MARA Kedah, Malaysia. Management Science and Engineering, 3(4), 81. https://www.researchgate.net/publication/43245445_The_Factors_Influencing_Students'_Performance_at_Universiti_Teknologi_MARA_Kedah_Malaysia

Ali, S., Haider, S. Z., Munir, F., Khan, H., & Ahmed, A. M. (2013). Factors contributing to the students academic performance: A case study of Islamia University Sub-Campus. American Journal of Educational Research, 1(8), 283–289. https://www.semanticscholar.org/paper/Factors-Contributing-to-the-Students-Academic-A-of-Ali-Haider/792c7eac4792f7dc8648b21e8a73587bf6eb253e

Angélica. (2021c, February 19). Walberg's Theory of Educational Productivity. Exploring Your Mind. .https://exploringyourmind.com/walbergs-theory-of-educational-productivity/

Bacilio, A., Barillos, M., Cerujano, M. ., Cresencio, R. ., Gotot, J. ., & Ablen Ph.D, A. S. . (2019). Epekto ng Teknolohiya sa mga Mag-Aaral ng Ika-11 Baitang sa Asignaturang Filipino ng Bestlink College of the Philippines. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 1(1). https://www.ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/1138

Balmaña, M. J. C., Bonagan, A. N., Bispo, B. P. L., Montuerto, J. C., Punay, J. M. G., & Ablen, A. S. (2019). Epektibong Paggamit ng Awdyo-biswal sa Pagtuturo ng Filipino sa ika-10 Baitang ng Mataas na Paaralan ng Bagong Silang. Ascendens Asia Singapore–Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 1(1).

Belonta, M. L. M. (2014). *Ang Tradisyunal at Makabagong Paraan ng Pagtuturo*. Scribd. https://www.scribd.com/document/472222998/Ang-Tradisyunal-at-Makabagong-Paraan-ng-Pagtuturo

Bisa, S. R. (1991). *Wika at Kultura: Pagsasaling Nagpapakahulugan*. https://tinyurl.com/3mwnhdh7

Bosco, N. J., Ntawiha, P., & Alexis, A. (2023). FACTORS CONTRIBUTING TO STUDENTS' ACADEMIC PERFORMANCE IN BIOLOGY STATE EXAMINATION AT UPPER SECONDARY SCHOOLS IN GITEGA COMMUNE, GITEGA PROVINCE IN BURUNDI. https://philarchive.org/archive/BOSFCT

De Guzman Petras, J. (2012). E-Filipino: Ang Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wikang Filipino Sa Sistemang Open and Distance Learning. https://ejournals.ph/article.php?id=6215

DiBartola, L. M., Miller, M. K., & Turley, C. L. (2001). Do learning style and learning environment affect learning outcome?. Journal of Allied Health, 30(2), 112-115. https://www.researchgate.net/publication/11941814_Do_learning_style_and_learning_environment_affect_learning_outcome

Din, R. (2008). Kabisaan ng paggamit ng Graphic organizer sa pagtuturo ng pagbasa. https://ejournals.ph/article.php?id=6661

Diseth, Å., Pallesen, S., Brunborg, G. S., & Larsen, S. (2010). Academic achievement among first semester undergraduate psychology students: the role of course experience, effort, motives and learning strategies. Higher Education, 59, 335-352. https://eric.ed.gov/?id=EJ872787

Domingo, N. P. (2017). *Panimulang Pag-aaral ng Wikang Filipino sa UCLA: Kasalukuyang Lagay at Direksiyon*. https://ejournals.ph/article.php?id=12114

Duyar, I., Pelin, C. A. N., & Zagyapan, R. (2006). A new method of stature estimation for forensic anthropological application. Anthropological Science, 114(1), 23-27. https://www.jstage.jst.go.jp/article/ase/114/1/114_1_23/_html

Elcomblus. (2023, September 3). Mga Kahalagahan ng Wika. ELCOMBLUS.

Farooq, M. S., Chaudhry, A. H., Shafiq, M., & Berhanu, G. (2011). Factors affecting students' quality of academic performance: A case of secondary school level. Journal of quality and technology management, 7(2), 1-14. https://www.researchgate.net/publication/284150574_Factors_affecting_students'_quality_of_academic_performance_A_case_of_secondary_school_level

Galope, V. O. (2013). Multimedia-Aided Instruction in Teaching Grade Four Science and Health: Its Eï¬€ect on Pupils' Performance and Attitude towards Multimedia Use in the Classroom. https://philair.ph/index.php/irj/article/view/257

Gruspe-Taberdo, A. L. (2019). Faculty and Student's Perception of the Factors Affecting Students' Academic Performance. https://ejournals.ph/article.php?id=15368

Harris, J., & Al-Bataineh, A. (2015, April). One to one technology and its effect on student academic achievement and motivation. In Global learn (pp. 579-584). Association for the Advancement of Computing in Education (AACE). https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1117604.pdf

Herrera, M. (2019). Factors affecting the academic performance of Grade 11 students in general mathematics. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.16645.68325

Ipl.org. (2020c, September 4). Walbergs Theory of Educational Productivity. https://www.ipl.org/essay/Walbergs-Theory-Of-Educational-Productivity-FJSRQR5SWG

Jay. (2018, August 24). *Tatag ng Wikang Filipino, Lakas ng Pagka-Pilipino*. https://www.depedscm.com/tatag-ng-wikang-filipino-lakas-ng-pagka-pilipino/

Kapur, R. (2018). Factors influencing the students academic performance in secondary schools in India. University Of Delhi, 1(25), 575-587. https://www.sciepub.com/reference/298257

Kimuell-Gabriel, N. (2011). Kasaysayang Pasalita: Ang Kulturang Filipino at Karanasan ng mga Filipinong Mananaliksik sa Larangang Pasalita = Oral History: The Filipino Culture and the Experiences of Filipino Oral Historians Nancy Kimuell-Gabriel. https://ejournals.ph/article.php?id=7992

Krahenbuhl, K. S. (2016). Student-centered education and constructivism: Challenges, concerns, and clarity for teachers. The Clearing House: A Journal of Educational Strategies, Issues and Ideas, 89(3), 97-105. https://eric.ed.gov/?id=EJ1106715

Krapp, A. (1999). Interest, motivation and learning: An educational-psychological perspective. European journal of psychology of education, 14, 23-40. https://psycnet.apa.org/record/1999-13903-002

Lartec, J. K. (2014). Ang Paggamit ng Inklusibong Wika sa Filipino tungo sa Pagtamo ng Inklusibong Edukasyon.

https://ejournals.ph/article.php?id=10017

Loukas, A. (2007). What is school climate. Leadership compass, 5(1), 1-3. https://www.researchgate.net/publication/265306026_What_Is_School_Climate

Main, P. (2023b, January 29). Embracing the learning theory: constructivism. Structural Learning. https://www.structural-learning.com/post/embracing-the-learning-theory-constructivism

Marchand, G. C., Nardi, N. M., Reynolds, D., & Pamoukov, S. (2014). The impact of the classroom built environment on student perceptions and learning. Journal of Environmental Psychology, 40, 187-197.

https://psycnet.apa.org/record/2014-54144-020

Ng, W. (2015). New digital technology in education. Switzerland: Springer.

https://www.researchgate.net/publication/339385872_New_Digital_Technology_in_Education_Conceptualizing_Professional_Learning_for_Educators

Ocampo, E. (2019) – digital newspaper & magazine subscriptions. PressReader.

https://www.pressreader.com/philippines/sunstarpampanga/20190112/281513637304206

Office, D. I. (2022a, January 24). *Panatilihin at Pagyamanin ang Wikang Filipino at Panitikan sa Kolehiyo Pahayag ng UP Diliman University Council*. University of the Philippines Diliman.

https://upd.edu.ph/panatilihin-at-pagyamanin-ang-wikang-filipino-at-panitikan-sa-kolehiyo-pahayag-ng-up-diliman-university-council/

Patrick, P. (2021, April 1). Impact of classroom environment on student academic performance in basic Science. GRIN. https://tinyurl.com/y2b82etv

Qureshi, M. A., Khaskheli, A., Qureshi, J. A., Raza, S. A., & Yousufi, S. Q. (2021). Factors affecting students' learning performance through collaborative learning and engagement. Interactive Learning Environments, 31(4), 2371–2391. https://doi.org/10.1080/10494820.2021.1884886

Raja, R., & Nagasubramani, P. C. (2018). Impact of modern technology in education. Journal of Applied and Advanced Research, 3(1), 33-35. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=2967497&btwaf=2015709

Ramos, J. T. (2014). Whiteboard: A Virtual Learning Environment For The School Of Computer Studies and Echnology of Colegio de San Juan de Letran Calamba. https://ejournals.ph/article.php?id=10493

Rosales, A. C. (2010). Ang Paggamit ng Wikang Filipino: Hamon sa Lahat ng Pilipino. https://ejournals.ph/article.php?id=843

Sagala, G. B. (2021). *Antas ng Kasanayan sa Sayusay sa Paggamit ng Wikang Filipino ng mga Estudyante sa Pribadong Paaralan*. https://ejournals.ph/article.php?id=19397

Schiefele, U. (1991). Interest, learning, and motivation. Educational psychologist, 26(3-4), 299-323. https://psycnet.apa.org/record/1992-21549-001

Shah Ph, D., & Kumar, R. (2019). Effective constructivist teaching learning in the classroom. Shah, RK (2019). Effective Constructivist Teaching Learning in the Classroom. Shanlax International Journal of Education, 7(4), 1-13. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED598340.pdf

Shakeel, M. D., & Peterson, P. E. (2020). Changes in the performance of students in charter and district sectors of US education: An analysis of nationwide trends. Journal of School Choice, 14(4), 604-632. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED609871.pdf

Sharma, M. S., & Bansal, D. (2017). Constructivism as paradigm for teaching and learning. International journal of physical education, sports and health, 4(5), 209-212. https://www.kheljournal.com/archives/2017/vol4issue5/PartD/4-5-41-636.pdf

Shernoff, D. J., Ruzek, E. A., & Sinha, S. (2017). The influence of the high school classroom environment on learning as mediated by student engagement. School psychology international, 38(2), 201-218. https://psycnet.apa.org/record/2017-18787-006

Studocu. (n.d.). Pananaliksik Relasyon ng Nakasanayang Kulturang Pilipino sa Akademikong Pagganap ng mga estudyante – Studocu https://tinyurl.com/bdzxyx79

Tarun, J. Z. (2012). Wikang Filipino Bilang Akademik na Kurso at Akademik na Disiplina. https://ejournals.ph/article.php?id=7626

Ullah, N., & Almani, A. S. (2022). Factors affecting students' academic performance: A case study of secondary schools of makran division balochistan, pakistan. Webology, 19(2), 2749-2764. https://www.webology.org/abstract.php?id=1577

Ventoso, A. N. (2018, August 29). *Pagpapahalaga sa Wikang Filipino: Pagtibayin*. Natzblog.

https://natalieblog789677154.wordpress.com/2018/08/29/pagpapahalaga-sa-wikangfilipinopagtibayin/#:~:text=Ang%20wikang%20Filipino%20ay%20sumisimbolo,at%20pagmamahalan%20ng%20mga%20Pilipino.

Villanueva, M. (2019, January 18). Isang pagtatasa sa kaugalian at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo batay sa pagkakapantay pantay na karapatan ng bawat Mag-Aaral. https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8589

Walberg, H. J., Fraser, B. J., & Welch, W. W. (1986). A Test of a Model of Educational Productivity among Senior High School Students. The Journal of Educational Research, 79(3), 133–139. https://www.researchgate.net/publication/276245346_A_Test_of_a_Model_of_Educational_Productivity_among_Senior_High_School_Students

Appendix A

**Talatanungan sa mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino**

Pangalan(Opsyonal): ___________________________________ Baitang: _____________

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat aytem at piliin ang hanay na tumutugma sa iyong sagot sa pamamagitan ng pag-tsek (/) sa kahon. Mananatiling pribado ang iyong mga tugon at huwag balewalain ang anumang mga tanong o komento. Mangyaring ipahiwatig batay sa sumusunod na sukat: *5 – (Palagi), 4 – (Madalas), 3 – (Minsan), 2 – (Bihira), 1 – (Hindi Kailanman)*

| **Mga Tagapahiwatig** | **Mga Tugon** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **A. Kasanayan ng Guro sa Pagtuturo sa Filipino** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Ipinapakita ng aking guro ang malawak na kasanayan sa pagtuturo. | | | | | |
| 2. May mataas na antas ng kasanayan sa paggamit ng wika at gramatika ang aking guro. | | | | | |
| 3. Gumagamit ang aking guro ng mga estratehiya na nagpapalawak sa aralin. | | | | | |
| **B. Mga Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo** | | | | | |
| 1. Gumagamit ang aking guro ng mga *video, audio*, at iba pang *multimedia presentations* sa pagtuturo. | | | | | |
| 2. Gumagamit ang aking guro ng mga *educational technologies (apps.,blogs, digital whiteboards)* para sa mga gawain sa klase. | | | | | |
| 3. Ibinabahagi ng aking guro ang mga napapanahong ideya o estilo sa pagkatuto. | | | | | |
| **C. Kultural na Kasanayan** | | | | | |
| 1. Iniuugnay ng aking guro ang kulturang Pilipino sa pagbuo ng mga gawain at sa talakayan sa klase. | | | | | |
| 2. Binibigyang diin ng aking guro ang pagkakaiba ng wika at kultura ng bawat rehiyon sa talakayan sa klase. | | | | | |
| 3. Sinusuri ng aking guro ang aming sariling kaalaman at iniaangkop ang pagtuturo ng wika batay sa aming nalalaman tungo sa kontekstong pang-kultura. | | | | | |
| **D. Interes sa Pag-aaral ng Wika** | | | | | |
| 1. Nagagalak at nasisiyahan ako kapag nag-aaral ng wikang Filipino. | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 2. Nakikilahok ako sa mga ekstrakurikular na aktibidad na may kaugnayan sa wika. | | | | | |
| 3. Napag-uusapan at nasusuri ko ang halaga ng wikang Filipino bilang mag-aaral. | | | | | |

| **Mga Tagapahiwatig** | **Mga Tugon** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **E. Pagpapahalaga sa Wikang Filipino** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Mahalaga para sa akin ang pagkakaroon ng kasanayan sa wikang Filipino. | | | | | |
| 2. Nakatutulong sa aking akademiko at propesyonal na layunin ang pagkakaroon ng kasanayan sa wikang Filipino. | | | | | |
| 3. Nagagamit ko sa tunay na buhay ang wikang Filipino upang makipagtalastasan sa ibang tao. | | | | | |
| **F. Kasiyahan sa Kapaligiran ng Pag-aaral** | | | | | |
| 1. Masaya at mapang-aruga ang pangkalahatang kapaligiran ng aming silid-aralan. | | | | | |
| 2. Gumagamit ang aking guro ng mga gawaing pumupukaw sa interes at kakayahan naming mag-aaral. | | | | | |
| 3. Nagaganyak ang aming partisipasyon na lumahok nang aktibo sa mga gawain at may sapat na kagamitan sa silid-aralan. | | | | | |

Appendix B

## INFORMED CONSENT FORM

1. I volunteer to participate in the research undertaking to be conducted by *Hazel B. Dela Cruz and Michelle T. Tañeca* from the College of Education, Misamis University. I understand that the research is designed to gather information about **mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.** I will be one of the respondents who will be surveyed for this research.

2. My participation in this research is voluntary. I understand that I will not be paid for my participation. I may withdraw and discontinue participation at any time without penalty. If I decline to participate or withdraw from the study, no one will be told.

3. This research will involve my participation. I understand that most questions will find the discussion interesting and thought-provoking. If, however, I feel uncomfortable in any way during the survey session, I have the right to decline to answer any question or to end the survey.

4. The survey will last approximately 10-20 minutes.

5. I understand that the information to be gathered will be treated with confidentiality. I will not be identified in the paper. Only the researchers and their adviser will have access to the data of the research.

6. I understand that this research has been reviewed and approved by the College of Education of Misamis University.

7. I have read and understood the explanation provided to me. I have had all my questions answered to my satisfaction, and I voluntarily agree to participate in this study.

8. I have been given a copy of this consent form.

______________________________ ____________________

Respondent’s Signature Date

***For further information, please contact***:

**Hazel B. Dela Cruz (09351458939/ hazeldelacruz113@gmail.com)**

**Michelle T. Tañeca (09383625786/ tanecamichelle1019@gmail.com)**

Appendix C

## KAPAHINTULUTAN NG MAGULANG

Magandang araw po!

Kami po na mag-aaral ng Misamis University sa kursong Bachelor of Secondary Education major in Filipino ay narito upang humingi ng kapahintulutan na ang inyong anak/mga anak na may edad 12 hanggang 17 ay mapabilang sa aming pagsasaliksik.

Ito po ay naglalayong malaman ang epekto ng mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Fillipino. Bilang bahagi ng pag-aaral, ang inyo pong anak/mga anak ay aming susuriin sa pamamagitan ng pagsagot sa talatanungan. Ang mga hakbang na ito ay makatutulong upang matukoy kung ano ang mga salik ang nakaaapekto sa pag-aaral ng inyong anak.

Ang inyo pong partisipasyon ay isang malaking tulong sa pagsasagawa ng aming pag-aaral.

Maraming salamat po!

Gumagalang,

| | |
|---|---|
| **HAZEL B. DELA CRUZ** | **MICHELLE T. TAÑECA** |
| Mananaliksik | Mananaliksik |

Appendix D

**MISAMIS UNIVERSITY**
*Ozamiz City*
**College of Education**

Marso 11, 2024

**DR. ANALYN S. CLARIN**
Principal, Basic Education Department
Misamis University
Ozamiz City

Dr. Clarin:

Kami ay mag-aaral ng Bachelor in Secondary Education Major in Filipino sa Misamis University at kasalukuyang nagsasagawa ng pag-aaral ukol sa **Mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino**.

Kaugnay nito, nais naming humingi ng pahintulot mula sa iyong tanggapan upang payagan kaming magsagawa ng aming pag-aaral. Ito ay magbibigay daan para sa mga mananaliksik na makalikom ng kaukulang datos kaugnay sa mga salik na nakaaapekto sa akademiko ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga respondente ay mga mag-aaral mula sa Junior High School. Ang anumang datos na makukuha mula sa mga respondente ay mananatiling pribado at para lamang sa layunin ng pananaliksik.

Dalangin namin ang iyong paghintulot na maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Lubos na gumagalang,

**HAZEL B. DELA CRUZ**
Mananaliksik

**MICHELLE T. TAÑECA**
Mananaliksik

Noted:

**LEIZEL JOY C. DABALOS, MAEd.**
Research Instructor

**GENELYN R. BALUYOS, Ed.D**
Dean, College of Education

Approved:

**ANALYN S. CLARIN, Ed.D**
Principal, Basic Education Department

## CURRICULUM VITAE

**PERSONAL DATA**



| | |
|---|---|
| Name: | Hazel B. Dela Cruz |
| Date of Birth: | January 11, 2003 |
| Place of Birth: | Davao City, Philippines |
| Address: | Purok 4, Banadero, Ozamiz City, Misamis Occidental, 7200 |
| Status: | Single |
| Citizenship: | Filipino |
| Religion: | IDES |
| Email Address: | hazel.delacruz113@gmail.com |

**EDUCATION**

| | |
|---|---|
| Tertiary: | Bachelor of Secondary Education Major in Filipino<br>Misamis University<br>H.T. Feliciano St., Ozamiz City, Misamis Occidental |
| Secondary: | Ozamiz City National High School<br>Bernad St. Lam-an, Ozamiz City, Misamis Occidental<br>2020 - 2021 |
| Primary: | Felipe Carreon Central School<br>Banadero, Ozamiz City, Misamis Occidental<br>2014-2015 |

**CURRICULUM VITAE**



**PERSONAL DATA**

| | |
|---|---|
| Name: | Michelle T. Tañeca |
| Date of Birth: | May 9, 2003 |
| Place of Birth: | Zamboanga City, Philippines |
| Address: | Aguada, Ozamiz City, Misamis Occidental, 7200 |
| Status: | Single |
| Citizenship: | Filipino |
| Religion: | Roman Catholic |
| Email Address: | tanecamichelle1019@gmail.com |

**EDUCATION**

| | |
|---|---|
| Tertiary: | Bachelor of Secondary Education Major in Filipino<br>Misamis University<br>H.T. Feliciano St., Ozamiz City, Misamis Occidental |
| Secondary: | Olutanga National High School<br>Solar Olutanga, Zamboanga Sibugay, Philippines<br>2020 - 2021 |
| Primary: | Villacorte Elementary School<br>Villacorte Olutanga, Zamboanga Sibugay, Philippines<br>2014-2015 |